Maaari Kang Makakuha ng Tulong Kung Hindi Ka Nasisiyahan sa Iyong mga Serbisyo

Kung mayroon kang mga alalahanin o feedback tungkol sa mga serbisyong natanggap mo, mangyaring ibahagi sa iyong tagapayo o sa programa. Lubos kaming naniniwala na ito ang pinakamahusay na paraan para maipahayag ang iyong mga alalahanin. Narito ang kawani ng programa para matugunan ang iyong mga pangangailangan at makinig sa iyo. Kung hindi ka komportable na makipag-usap sa kawani ng programa o magpatuloy na magkaroon ng mga alalahanin, maaari kang makipag-ugnay sa mga sumusunod na ahensya:

- Para sa tulong sa paghahain tungkol sa **mga serbisyo sa inpatient at/o residensyal**, maaari mong tawagan ang **Programa para sa Adbokasiya ng Pasyente ng Jewish Family Services (JFS)** sa (619) 282-1134 o 1-800-479-2233
- Para sa tulong sa paghahain tungkol sa mga serbisyo sa outpatient, maaari mong tawagan ang **Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)** sa kanilang walang bayad na numero na (877) 734-3258 (TTY 1-800-735-2929).

Kung mayroon kang karaingan tungkol sa iyong pangangalaga, gustong mag-apela tungkol sa isang desisyon na naglilimita sa iyong pangangalaga, o gustong malaman ang katayuan ng isang apela o karaingan, maaari kang makipag-ugnay sa isa sa mga ahensyang nakalista sa itaas. May access ang mga benepisyaryo ng Medi-Cal sa mga serbisyo at karapatan tulad ng tinukoy sa mga regulasyon ng Estado at Pederal.

Maaari ka ring maghain ng isang pinabilis na apela kapag ang karaniwang proseso ay maaaring lubhang magdulot ng panganib sa buhay, kalusugan o sa kakayahang makamit, mapanatili o mabawi ang maximum na pagkilos.

Nangangailangan ng Karagdagang Impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Proseso ng Karaingan at Apela at ang iyong mga karapatan sa ilalim ng SMHS at DMC-ODS, humingi sa iyong provider ng isang kopya ng Handbook para sa Miyembro ng Kalusugan sa Pag-uugali ng County ng San Diego o maghanap ng isang kopya sa online sa www.optumsandiego.com sa Beneficiary & Families page.

Nakakatulong na Mapagkukunan

Access at Crisis Line
888-724-7240 (TTY: 711)

Ang walang bayad na numerong ito ay available 24 na oras, 7 araw sa isang linggo at nagbibigay ng mga tagapayo na maaaring makasagot sa iyong mga tanong at makapagbigay ng mga referral para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at serbisyo sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance.

Mobile Crisis Response Team (MCRT)
https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/mcrt.html

Website ng Kalusugan sa Pag-uugali ng County ng San Diego
https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs.html

Direktoryo ng Provider ng County ng San Diego
https://sdcountybhs.com/ProviderDirectory

Sino ang Kokontakin Ko Kung Naiisip Kong Magpakamatay?
Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nasa krisis, mangyaring tawagan ang 988 Suicide at Crisis Lifeline sa 988 o ang National Suicide Prevention Lifeline sa 1-800-273-TALK (8255). Available ang chat sa https://988lifeline.org/.

Maikling Gabay para sa Miyembro ng Kalusugan sa Pag-uugali

Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip (Specialty Mental Health Services, SMHS) at Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal (Drug Medi-Cal Organized Delivery System, DMC-ODS)

COUNTY OF SAN DIEGO
HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

LIVE WELL SAN DIEGO

Binago Peb 2025

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health, BH) tulad ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at/o mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na substance, maaari mong tawagan ang iyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa likod ng polyetong (pamphlet) ito. Sa sandaling makipag-ugnayan ka sa county, makakatanggap ka ng screening at maiiskedyul para sa isang appointment para sa assessment.

Maaari ka ring humiling ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health , BH) mula sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga (managed care plan, MCP) kung isa kang miyembro. Kung matukoy ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga (managed care plan, MCP) na natutugunan mo ang pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health, BH), tutulungan ka ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga (managed care plan, MCP) na makakuha ng pagtatasa para makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health, BH) sa pamamagitan ng iyong county. Sa huli, walang wrong door para makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Maaari ka ring makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health, BH) sa pamamagitan ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga (managed care plan, MCP) bilang karagdagan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health, BH) sa pamamagitan ng iyong county. Maaari mong i-access ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng iyong provider sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health, BH) kung matukoy ng iyong provider na klinikal na naaangkop ang mga serbisyo para sa iyo at hangga't ang mga serbisyong iyon ay nakoordina at hindi nadoble.

Ang Iyong mga Karapatan bilang isang miyembro ng Medi-Cal:

- Tratuhin nang may personal na paggalang at paggalang sa iyong dignidad at privacy.
- Kumuha ng malinaw at nauunawaang mga paliwanag ng mga available na opsyon sa paggamot.
- Makilahok sa mga desisyon na nauugnay sa iyong pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali. Kabilang dito ang karapatang tanggihan ang anumang paggamot na hindi mo gustong matanggap.
- Kunin ang handbook na ito para alamin ang tungkol sa mga serbisyo ng county, obligasyon ng county, at ang iyong mga karapatan.
- Humingi ng kopya ng iyong mga medikal na rekord at humiling ng mga pagbabago, kung kinakailangan.
- Maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpigil o seklusyon na ipinatutupad bilang paraan ng pamimilit, pagdidisiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga 24/7 para sa mga kondisyong pang-emergency, agaran, o sa panahon ng krisis kapag medikal na kinakailangan.
- Kapag hiniling, makatanggap ng mga nakasulat na materyales sa mga alternatibong format tulad ng Braille, malaking letra, at audio format sa isang napapanahong paraan.
- Makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county na sumusunod sa kontrata ng estado nito para sa pagiging available, kapasidad, koordinasyon, saklaw, at awtorisasyon ng pangangalaga. Ipahayag ang iyong mga karapatan nang walang nakapipinsalang pagbabago sa iyong paggamot.
- Tumanggap ng paggamot at mga serbisyo alinsunod sa iyong mga karapatang inilarawan sa handbook na ito at sa lahat ng naaangkop na batas ng pederal at estado
- Maaari kang magkaroon ng karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali.

Uri ng Mga Serbisyo na Available

<u>Kasama sa mga Serbisyo ng DMC-OODS ang:</u>

- Maagang Interbensyon
- Maagang Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot
- Paggamot sa Outpatient
- Intensive na Outpatient
- Residensyal na Paggamot
- Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics
- Pamamahala ng Withdrawal
- Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon
- Justice-Involved Reentry (Muling Pagbabalik ng Nasasakdal sa Lipunan)
- Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer
- Mga Serbisyo sa Pagpapagaling
- Koordinasyon ng Pangangalaga
- Pamamahala ng Contingency
- Mga Mobile na Serbisyo sa Panahon ng Krisis

<u>Kasama sa mga Serbisyo ng SMH ang:</u>

- Mga Serbisyo ng MH (indibidwal, grupo, paggamot na nakabatay sa pamilya)
- Mga Serbisyo sa Suporta sa Gamot
- Targeted na Pamamahala ng Kaso
- Interbensyon sa Panahon ng Krisis
- Pag-stabilize sa Panahon ng Krisis
- Pang-nasa Hustong Gulang na Tirahan
- Tirahan sa Panahon ng Krisis
- Intensibong Paggamot sa Araw
- Rehabilitasyon sa Araw
- Psychiatric Inpatient ng Ospital
- Pasilidad ng Psychiatric Health
- Mga Serbisyo ng Therapy Kaugnay ng Pag-uugali
- Koordinasyon ng Intensibong Pangangalaga
- Mga Intensibong Serbisyo na Nakabase sa Bahay
- Therapeutic Foster Care
- Justice-Involved Reentry (Muling Pagbabalik ng Nasasakdal sa Lipunan)
- Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer
- Mga Mobile na Serbisyo sa Panahon ng Krisis

COUNTY OF SAN DIEGO
HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

LIVE WELL SAN DIEGO